# *MA. CECILIA DE LA ROSA*

Estudyante ng masterado sa Malikhaing Pagsulat si Ma. Cecilia de la Rosa sa UP Diliman. Nagtapos siya ng Philippine Arts sa UP Manila. Naipalabas sa Virgin Labfest (VLF) at pumangatlo sa Isang-yugtong Dula sa Palanca ang "Ang Mga Bisita ni Jean." Naipalabas rin sa VLF ang "Labor Room" na muling itinanghal ng Bindlestiff Studio sa San Francisco, California noong Oktubre 2019. Nailathala sa iba't ibang zines at antolohiya ang kanyang mga akda. Empleyado siya ng UP Diliman.

## TIMANG

Itulog mo nang mahimbing
ang iyong pagiging bata.
Baunin sa paglalakbay
ang pagiging malaya;
habang mga paa lamang
at hindi pa ang puso
ang hinahamon ng mga sangandaan,
ilakad, ihakbang, itakbo
sa mga lambak at gulod
ng panaginip ang maliliinggit,
malilikot mong talampakan.
Sa ibabaw ng mga ulap,
iapak ang galak at ‘wag matakot
ibagsak ng ulan.
Sa baha’y sasaluhin ka ng tuwa
sa ‘di mo pa nakikilalang mga sigwa.

Pagmamasdan ko sa lamlam
ang ngiti mong ‘di pa nagmamalay
sa silid na walang imik, pakikinggan
ang mahinang halakhak at mga pangungusap
na walang kahulugan.
‘Bayaan mo akong maging saksi

habang sa dis-oras ng gabi
ay ‘di ka pa ginigising ng lumbay.
Habang ganito, Anak,
ipaghilik mo muna si Nanay.